JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginuton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# FILIPINO

## Ikatatlong Markahan- Module 2:

## Gamit ng Pang-abay at Paglalarawan ng Tauhan batay sa ikinilos.



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang/Seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jolly Flor P. Calio
Dalisay B. Nazario

**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.

**Tagasuri:** Honoria Maryola O. Agum, Julieta H. Tibon, Roderick R. Luna,
Jephone P. Yorong Ed.D.

**Tagaguhit/Tagakuhang Larawan:** Edgardo P. Jamilar Jr.

**Tagalapat:** Peter A. Alavanza, Teresita J. Cainta

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc Ed.D
Ella Grace M. Tagupa Ed.D
Lindo O. Adasa, Jr.
Jephone P. Yorong Ed.D



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod na kasanayan :

- Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos
- Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos ,ginawi ,sinabi at maging damdamin
  **F4WG-IIIa-c-6, F4PS-IIIb-2.1**



# Balikan


***I. Panuto: Bumuo ng pangungusap mula sa larawan upang masunod ang mga hakbang sa pagsasaing.***



______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________



______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

| Aralin 1 | Paggamit ng Pang-abay sa Paglalarawan ng Kilos at Paglalarawan ng Tauhan Batay sa Ikinilos,Ginawi,Sinabi at nagging damdamin |
|---|---|



# Tuklasin

***Basahin at unawain ang talata. Subukang sagutin ang mga kasunod na katanungan.***



Si Hangin ay umihip nang banayad upang maginhawahan ang pagod na si Apo. Maganda naman ang layunin ni hangin subalit dahil sa ginawa niya'y nakatulog nang mahimbing si Apo. Nasunog tuloy ang unang taong niluto niya sa hurno.

**Tanong:**

1. Dapat nga ba o hindi dapat ang ginawa ni Hangin ?

   ______________________________________________

2. Ano kaya ang naramdaman ni Apo pagkatapos masunog ang niluto niya ?

   ---------------------------------------------------------------------------------

3. Kung kayo si Apo papasalamatan mo pa ba si Hangin?

   ---------------------------------------------------------------------------------

Sa araling ito, malalaman mo kung paano magagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos.



# Suriin

***Tingnan ang mga pariralang hango sa talatang binasa.***

| A | B |
|---|---|
| nakatulog nang mahimbing | pagod si Apo |
| umihip nang banayad | maganda ang layunin |

Suriin ang mga salitang panlarawan sa mga pangkat A at B. Matutukoy mo ba ang pagkakaiba ng mga ito?

Ang mga salitang panlarawan sa pangkat A ay mga __________ _samantalang ang mga salitang panlarawan B ay mga _____________.

Tama ba ang isinagot mo? Suriin natin ang mga nasa pangkat A. Ang inilarawan ng mga salitang **mahimbing** ay **nakatulog** at ang inilarawan naman ng **banayad** ay **umihip.** Kapwa pandiwa ang mga ito kaya't ang mga salitang mahimbing at banayad ay ginamit bilang pang-abay.

Sa kabilang pangkat naman tayo. Ang inilarawan ng salitang **pagod** ay **Apo** at ang inilarawan ng **maganda** ay **layunin.** Kapwa pangngalan ang mga salitang inilarawan kaya ang mga salitang pagod at maganda ay ginamit bilang pang-uri.

**Tandaan Natin :**

Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing sa isang pandiwa ,pang-uri at pang-abay.

**Mga Uri ng Pang-abay**

**Pamaraan –** mga pang-abay na nagsasabi ng paraan kung paano ginagawa ang kilos ng pandiwa. Sumasagot sa tanong na paano.

Halimbawa :

**Patihaya** kung lumakad ang Bangka.
**Mahusay** bumigkas ng tula si Merlyn.

**Pamanahon –** mga pang-abay na sumasagot sa tanong na kalian. Nagsasabi ito ng panahon kung kalian ginawa ang kilos ng pandiwa.

Halimbawa :

**Tuwing Pasko** isinasabit ang parol
Nag-aaral si Carlos **gabi-gabi.**

**Panlunan –** mga pang-abay na sumasagot sa saan. Nagsasaad ng lugar o lunan kung saan ginawa ang kilos ng pandiwa.

Halimbawa:

**Nasa ibabaw** ang gatong.
**Dito** nagluto si Insiong.



# Pagyamanin

**Panuto:** Buuin ang mga pangungusap. Piliin mula sa kahon ang angkop na pang-abay.

| | | |
|---|---|---|
| Sa paaralan | kahapon | kanina |
| mababagal | sa mall | |

1. Umawit______________si Aida sa entablado.
2. Nagtungo ang magkapatid _______________.
3. ____________________maglakad ang apat na pagong.
4. Lunes ng umaga, ang mga bata ay papasok na___________________.
5. _____________________lang naglalaro si Ruben.



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:**Piliin mula sa panaklong ang pang-abay na pamaraang pinakaangkop sa pangungusap. Salungguhitan ang sagot.

1.) ( Mahusay, Masinop, Mabilis ) umawit si Lea Salongga kaya't hinangaan siya sa iba't – ibang panig ng mundo.

2.) Ang bawat tao, bata man o matanda ay may mga talentong dapat linangin nang ( mainit, mabuti, mabilis ).

3.) Si Manny Pacquiao ay ( magaling, masinop, makulay ) sa boxing kaya't nagtamo siya ng maraming karangalan sa larangang ito.

4.) ( Mabusising, Mapagmahal, Mainit ) na pagtanggap ang ibinibigay ng marami sa mga eskulturang ito.

5.) May mga taong ( mahuhusay, masigabo, matiyagang ) gumuhit ng naggagandahang likhang-sining.

**Gawain B**

Panuto: Piliin mula sa kahon ang pang-abay na panlunang pinakaangkop sa mga pangungusap.

a. sa aklatan
b. sa opisina
c. sa palengke
d. sa paaralan
e. sa simbahan

1. Tuwing Linggo nagpupunta ang mga tao __________ upang manalangin.

2. Lunes ng umaga, ang mga bata ay papasok na__________.

3. Ang nanay at tatay naman ay papasok __________ upang magtrabaho.

4. Ang mga bata ay nagtutungo __________ upang magbasa ng mga aklat.

5. Bago umuwi sa hapon , si Nanay ay dumadaan muna siya __________ upang bumili ng pang ulam.



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan kong ang __________ ay bahagi ng pananalitang nagbibigay- turing sa isang pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

Nalalaman ko ring may __________ uri ng pang-abay.

Ang pang-abay na __________ay nagsasabi kung paano ginawa ang kilos ng pandiwa.

Ang pang-abay na sumasagot sa kalian ay __________.At ang pang-abay na __________ ay nagsasaad ng lugar o lunan kung saan ginawa ang kilos ng pandiwa.



# Tayahin

***I. Panuto: Unawain ang bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.(1 puntos bawat bilang)***

Maagang pumapasok ang lider sa tanggapan upang masimulan ang mga gawain.

1. Aling salita ang ginamit bilang pang-abay na pamanahon ?

   A. pumapasok C. maaga
   B. sa tanggapan D. masimulan

2. Alin ang ginamit bilang pang-abay na panlunan ?

   A. pumapasok C. maaga
   B. sa tanggapan D. masimulan

Mabilis tumugon sa pangangailangan ng mamamayan ang pinuno.

3. Aling salita ang ginamit bilang pang-abay ?

   A. mabilis C. pangangailangan
   B. tumugon D. pinuno

4. Anong uri ng pang-abay ang sagot mo sa bilang 3 ?

   A. pamaraan C. pamanahon
   B. panlunan D. pananggi

5. Sila ay mabilis na naglilinis ng bahay bago pumasok sa paaralan. Anong uri ng pang-abay ang sa paaralan ?

   A. pamaraan C. panlunan
   B. pamanahon C. pananggi

| |
|---|
| **II. Panuto:** Anong katangian ng mga tauhan ang inilarawan sa bawat bilang. Pumili ng sagot sa kahon. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.( 1 puntos bawat bilang) |

| | |
|---|---|
| a. masipag | d. masikap |
| b. maingat | e. mapagmahal |
| c. pagiging madaldal | |

__________ 1. Pinipili ni Mon ang palabas sa telebisyon na maganda para sa kabataan.

__________ 2. Araw – gabi ay nag-aaral ng leksiyon si Cristina.

__________ 3. Pinipilit ni Adela na makakuha ng matatas na marka kahit mahirap ang aralin .

__________ 4. Inaaruga ni Ka Inta ang kanyang ina.

__________ 5. Dapat iwasan ang ugaling ito upang hindi mapahamak. Isipin ang dapat ipahayag.



# Karagdagang Gawain

***Panuto: Tukuyin kung ang pang-abay na may salungguhit ay may uring pamaraan, pamanahon, o panlunan.***

__________ 1. Minsan ay sahapag-kainan pa mismo nasisira ang pangarap ng isang bata dahil sa negatibong komento ng mga kapamilya niya.

__________ 2. Masayang mangarap kaya huwag naman sana nating

__________ 3. agad kokontrahin ang pangarap ng iba.

***Panuto: Basahin ang sitwasyon ,ilarawan ang katangian ng mga tauhan dito.***

__________4. Nalaglag ang hawak na pera ng bata. Agad iyong pinulot ni Dan at iniabot sa may-ari. Si Dan ay isang batang ----------------.

A. masipag B. matulungin C. matapat

__________ 5. May bagong pantalon si Sito. Nalalaman niyang kailangan ni Fred ang isusuot sa kanilang programa. Ipinahiram niya iyon sa mahirap na kamag-anak.

A. masipag B. matulungin C. matapat

# *Susi sa Pagwawasto*

Tayahin

1.c
2.b
3.a
4.a
5.c
6.b
7.a
8.d
9.e
10.c

Balikan

1.
2.
3.
4.
5.

Pagyamanin

1. Kahapon
2. Sa mall
3. Mababagal
4. Sa paaralan
5. kanina

6.c

7. b

**Gawain A**

1. **Mahusay**
2. **Mabuti**
3. **Magaling**
4. **Mainit**
5. **mahusay**

**Gawain B**

1. **E**
2. **D**
3. **B**
4. **A**
5. **C**

# *Sanggunian:*


Dayag, Alma M. Pinagyamang Pluma 4. Quezon City : Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Lalunio, Lydia P. Hiyas sa Wika 4. Quezon City : LG & M Corporation ,2010

https://www.google.com/url?

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons,
Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

**The Footprints Prayer**

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

**Trees by Joyce Kilmer**

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain; Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.